For **Isabella Corrales**, **Tinggay Cinco**, and **Aries Soledad**, Manila Bay is personified as an old friend who after meeting the first time was taken away by distance, time and opportunities but still, a treasured friend whose current being has been molded by pain and suffering.

Dear Manila Bay,

Ikaw ang nagbigay buhay sa aming dalampasigan sa bawat pag-agos ng alon, maging ng aming paliguan. Dito kami simulang nabuhay at itinayo ang aming mga tahanan at nagsimula bumuo ng pamilya. Ikaw ang nagbigay ng saya at Karamay namin sa pag-araw-araw naming pamumuhay. Ikaw ang nagbigay sigla sa paglubog ng araw pagsikat nito. Ikaw din ang nagbigay sa amin ng aming hanap-buhay at makahuli ng iba't ibang uri ng isda at lamang dagat.

Dahil sa iyo napag-aral ko ang aking anak at napakain ang aking pamilya. Sagana ang huli namin noon at malaki ang kinikita. Subalit dumating ang mga reklamasyon at dredging. Nagbago ang iyong sigla at klima at ang aming mga huli ay humina. Dahil hinukay ang mga buhangin at sinagasa at ginahasa ang iyong likas na yaman tulad ng bahura, koral, bakawan. Pinalalim ang iyong pampang, niyanig at binulabog ang mga koral at semilya ng mga isda.

Kapalit ng ganti ng kalikasan, inalis sa iyo ang inyong lakas at patuloy kang sinasaktan. Pati ang iyong karapatang huminga at sumigaw laban sa mapanirang dredging ay inalis sa iyo. Dahil dito, tumindi ang pagbaha, pagkain sa mga kabahayan sa dalampasigan, gumuho at nasira ang mga bahay. Maging ang mga pawikan na nais mabuhay sa iyong dalampasigan ay hindi nakaligtas sa kanila at unti-unti nang nauubos.

Kaya five years from now, ikaw ay aking pangangalagaan at patuloy na magtatanggol sa kalikasan at magiging karamay mo sa tuwing may unos na dumadaan.

**Aries Soledad**

